

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE
News and Information Bureau

MALACAÑANG PRESS BRIEFING
OF PALACE PRESS OFFICER AND PCO UNDERSECRETARY CLAIRE CASTRO
WITH DEPARTMENT OF HEALTH SECRETARY TEODORO HERBOSA
JUNE 5, 2025 [10:10 A.M. – 10:41 A.M.]

PCO USEC. CASTRO: Magandang umaga, Malacañang Press Corps. Welcome sa ating press briefing ngayong araw.

Nais nating ipabatid, hindi po natatapos sa pagsisilbi ng mga courtesy resignation; sa mga pagtanggap at pagtangi rito ng Pangulo – may natanggal, may nanatili. Sa mga nanatili, nasa kanila pa rin po ang tiwala ng Pangulo ngunit hindi ibig sabihin ay dapat maging kampante.

There will be a continuing performance evaluation. They will always be on notice because they serve at the pleasure of the President.

Mas mabilis at mas epektibo na paglilingkod para sa mga Pilipino ang nais ng ating Pangulo. Ano ba ang nais ni Pangulong Marcos Jr.? Iniutos ng Pangulo sa DTI na siguraduhin na naaayon ang mga school supplies sa tamang presyo. Kaya ang DTI sa pamumuno ni Secretary Roque ay nagsagawa ng inspeksiyon sa mga pangunahing pamilihan partikular na rito sa Divisoria. Mabilis na aksiyon ang nais ng Pangulo para mabantayan at mapanatiling abot-kaya ang mga gamit pang-eskuwela para sa pamilyang Pilipino. Panoorin po natin ito:

[VTR]

Samantala, naglabas din ng price guide ang DTI para magabayan ang ating mga mamimili sa tamang presyo ng school supplies ngayong papalapit na po ang pasukan. 'Ayan po at naka-flash sa ating screen ang mga guide patungkol po sa presyo.

So, makikita sa guide na iyan na bumaba ang presyo ng 29 school items mula piso hanggang sampung piso kumpara noong nakaraang taon. Nandiyan din po ang presyo ng pinakamurang school supplies per category. So, konsultahin na lang po natin ang listahan na iyan at makikita po sa website ng DTI para makapili ng maayos at murang gamit ang inyong mga anak.

Mga isyung pangkalusugan naman at ang matagumpay na larangang ito kabilang na ang Philippine presidency sa katatapos lang na World Health Assembly, pagpapalawig ng BUCAS centers at mga serbisyo para sa persons living with HIV, ibabalita sa atin ni Department of Health Secretary Teodor Herbosa. Good morning, Sec. Ted.

DOH SEC. HERBOSA: Good morning, Usec. Claire.

Dahil umabot na po sa 57 na kaso bawat araw ang nakikita nating positibo sa HIV mula Enero hanggang Marso nitong 2025 o nitong first quarter of this year, mas napaigting ng Department of Health ang pagbibigay ng libreng anti-retroviral or ARV drugs sa ating mga kababayan na namumuhay na may HIV or people living with HIV.

Ang bilin po ng Pangulong Marcos, padaliin ang pagbibigay ng serbisyong ito sa pamamagitan ng mas mabilis na proseso sa mga pangunahing ospital na puntahan ng mga taong namumuhay na may HIV.

Kahapon, sinimulan na po natin ang patient appointment system naman sa San Lazaro – noong isang linggo sa Fabella para sa mga buntis – ito ay para madaling makuha ang schedule ng mga kailangang magpakonsulta at kukuha ng gamot sa HIV.

Sa sistemang ito, masisiguro din natin na regular na ang pagkonsulta ng mga persons living with HIV at regular na ring makukuha ang libreng maintenance ARV drugs para ma-manage ang kanilang kondisyon. Nakaalay din para sa ating mga DOH ang counseling at ating mga kababayan ukol sa mahabang pamumuhay ng mga taong may HIV.

Bukod sa libreng ARV, libre rin po magbigay ang DOH ng HIV screening test sa iba't ibang HIV hubs kabilang na ang San Lazaro Hospital; puwede rin pong magpa-schedule ng HIV confirmatory test dahil importante po na alam natin ang HIV status ng isang tao para mabigyan agad siya ng gamot at hindi na lumala ang HIV sakaling reactive po ang pasyente.

Hindi na po death sentence ang HIV sa panahon ngayon. Kailangan lang po kumonsulta para magpa-test at screening maintenance. Maintenance lang ang kailangan po, ang katapat niyan, para na lang siyang high blood or diabetes na basta mayroon kang gamot, tuluy-tuloy po ang magagawa – at ang DOH po, magagawa natin ito.

Sa kabilang bahagi naman, ang Pilipinas po ay namuno sa pinakamataas na pagpupulong ng isandaan at siyamnpu't apat na mga bansa na miyembro ng World Health Organization. Ito po ang World Health Assembly o pagpupulong ng lahat ng health ministers sa buong mundo. Makasaysayan po ang tagumpay na ito dahil nagkaroon tayo ng boses para matalakay ang mga polisiya at sistema ng healthcare na dapat napapaabot sa middle and low-income countries.

Ang pakikipagtulungan ng Pilipinas sa global health ay mahalaga dahil wala pong passport ang sakit o mikrobyo. Hindi lamang po ang kasalukuyang kalagayan ng sistemang pangkalusugan ang dapat na pinagtutuunan ng pansin ng bawat bansa kung hindi pati ang mas pangmatagalang seguridad natin kahit anong banta ng sakit.

Hindi po dapat mapag-iwanan ang Pilipinas sa global health. Isa sa mga mahalagang bagay na nakamit natin dito sa WHA (World Health Assembly) ay ang Pandemic Agreement – ang layunin pong tugunan ang hindi pagkapantay-pantay ng aksiyon ng mga bansa kapag may pandemya.

Naalala ninyo po ba noong nag-antay tayo ng mga bakuna noon para sa COVID-19? Iyon at iba pa ang tutugunan ng ating “Pandemic Agreement”. Sa ilalim nito, nais natin na ang bawat bansa, anuman ang estado ay agad makakakuha ng kailangang gamot, bakuna, test kit, kasama na rin po rito ang pagpapalakas ng kakayahan ng Pilipinas sa paggawa ng sariling gamot o teknolohiya para maging mas self-sufficient ang ating bansa.

Bukod po dito, masisiguro rin natin na ang Pilipinas ay kasama sa mas maagang babala at mabilis na palitan ng impormasyon at teknolohiyang pangkalusugan lalo na kapag may banta ng malalang sakit.

Ang Pandemic Agreement din po ay magbibigay ng proteksiyon sa mga doktor, nurse at iba pang health and care workers dahil may mga probisyon ito para protektahan ang mga karapatan at kapakanan ng mga frontliners natin. Mahalaga po ito para sa mga kababayan nating health and care workers na nagtatrabaho sa loob at pati na rin sa labas ng ating bansa.

Maliban po sa Pandemic Agreement, marami rin po tayong benepisyong nakamit katulad ng pandemic fund – nakakuha tayo ng 25 million dollars mula sa World Bank para dito. Tinalakay din po natin ang mga usapin tungkol sa pagpapababa ng tuberculosis cases sa pamamagitan ng iba't ibang teknolohiya kagaya ng AI or artificial intelligence sa x-ray at diagnosis, pati na rin ang pagsisiguro ng sapat na supply ng mga gamot sa TB.

Ito rin po ang mahalagang nangyari: Ang pagkilala ng mundo sa Pilipinas bilang bansa ng magagaling na health and care workers. Dahil dito, makapagbalangkas po tayo ng mga hakbang para maprotektahan ang kapakanan ng mga nurses sa loob at labas ng bansa.

Ilan sa mahalagang tulong kung saan nakakuha tayo ng suporta ay mula sa International Organization for Migration (IOM) na tumutulong sa atin sa pagkamit ng universal health coverage na partikular na nakatuon sa kapakanan ng ating health care workers. Pahayag po nila na ang kanilang pagsuporta sa mga investments para mapalakas ang ethical recruitment kasama ng usapin ng suweldo at benepisyo at training ng mga health and care workers lalo na ang mga Filipino nurses.

Binabalangkas din po ang isang modelo ng return migration para sa mga kababayan natin na gusto nang bumalik sa Pilipinas matapos ang pagserbisyo sa ibang bansa. Pinasalamatan po tayo ng buong mundo sa diplomasyang pangkalusugan ng Pilipinas, pakikipagtulungan natin sa mga bansang mayaman at pati na rin sa mga bansang nangangailangan.

Napakarami pong tagumpay na nagawa ang Pilipinas sa World Health Assembly na kinilala ng mundo. Hitik po tayo sa pagsalubong para sa kalusugan ng ating bayan. Kahit saan po tayo/kayong bansa pumunta ngayon, mas mataas ang tingin sa Pilipinas at Pilipino lalo na sa pakikipagtulungan na magkaroon ng multilateral policy para magtulungan sa pandaigdig na hamon sa kalusugan.

Binisita rin po natin ang Filipino community sa Geneva, Switzerland, at kasama ko si president and CEO Dr. Edwin Mercado. Tinalakay namin ang mga benepisyong pangkalusugan ng ating mga OFWs, bilang ating mga bagong bayani na nagtatrabaho sa iba't ibang bansa.

Ang pagiging presidente po ng World Health Assembly ay sumasalamain sa tagumpay ng ating Pangulo sa pagtataguyod ng matibay na ugnayan ng Pilipinas hindi lang sa iisang bansa kung hindi sa buong mundo. Instrumento lang po ang DOH sa tagumpay na ito. Sinusundan ang pamamalakad ng ating Pangulong Bongbong Marcos na maayos na maprotektahan ang diplomatic ties natin sa mga bansang mayaman para po kapag mayroon tayong pangangailangan.

Gusto ko ring sabihin sana na first time nagkaroon tayo ng presidenteng nagbigay ng message sa World Health Assembly, so si President Bongbong po ang kauna-unahang Philippine president to address the World Assembly.

Sa pangatlong bagay, malugod din pong pinapaalala ng DOH na ang ating mga BUCAS centers, Bagong Urgent Care Ambulatory Centers, ay patuloy na kumakalinga sa ating mga kababayan. Paraan din po ito para hindi na kayo makipagsiksikan sa loob ng DOH hospitals na mahahaba ang pila, ang BUCAS po ay mga Bagong Urgent Care and Ambulatory Service Centers. As of June 2025, nasa halos 860,000 na pasyente na po ang naserbisuhan ng limampu't isang BUCAS centers sa buong bansa. Patunay po ito na mas mabilis na naihatid ng ating mga kababayan ang mga serbisyong medikal dahil noong March 2024 lang po tayo nagsimula – March

6, 2024 nagsimula ng unang BUCAS center sa Sto. Tomas, Pampanga. At ngayon, dalawampu't anim na po ang operational sa Luzon, habang walo sa Visayas at labimpito sa Mindanao.

Ang BUCAS ay isang one-stop shop ni Pangulong Marcos at DOH para magbigay ng libreng serbisyong medikal at hindi na po kayo kailangang pumunta sa malayong ospital. May libreng gamot din po kaming binibigay sa BUCAS kagaya ng maintenance para sa high blood at diabetes. Mayroon din po kaming prenatal check-up para sa mga buntis, libreng bakuna at anti-rabies shot para sa mga nakagat ng hayop.

Ilang BUCAS centers din po ang puwedeng gumawa ng minor surgical procedures. Ang BUCAS ay bahagi ng layunin ng DOH na mas maramdaman ng mga kababayan natin ang Universal Health Care dahil ang bilin po ng Presidente ay patas na access at komprehensibong serbisyong pangkalusugan ang nabibigay sa iba't ibang parte ng bansa.

Diyan po nagtatapos ang ating maikling pahiwatig.

PCO ASEC. VILLARAMA: We now open the floor to questions for Sec. Ted. I have three; we begin with Christian Yosores, DZMM.

CHRISTIAN YOSORES/DZMM: Good morning, Secretary. Sir, balikan ko lang po iyong doon sa report ninyo kanina on HIV cases. Nagkausap na po ba kayo ni President Marcos doon po sa inyong recommendation to declare a national public health emergency on HIV at ano pa po ang mga karagdagan niyang directives to address the concerns?

DOH SEC. HERBOSA: Okay, nakasulat na po tayo diyan, iyong mga usual memo ko to the President and to Executive Secretary. In fact, naka-schedule na ang meetings namin niyan sa Cabinet – nauudlot lang. Maraming beses naudlot dahil marami tayong ibang issues.

Pero ang trabaho ng DOH ay tuluy-tuloy. Ang recommendation ng pagdeklara ng public health emergency ay binigay ng Philippine National AIDS Council – ito po iyong highest governing body sa programa natin ng AIDS. Ito ay na-create ng isang executive order. At sabi nila, para lumakas ang lahat ng mga istrategiya – we have a national strategy for HIV – kailangan natin ang utos ng Presidente; pero ginagawa na po namin ito. Mga anim na buwan na po naming inaayos ang mga programa na pagpapaigting, at saka malaking tulong ang binibigay ngayong atensiyon ng ating media dito sa malaking taas ng mga kaso ng HIV sa Pilipinas.

CHRISTIAN YOSORES/DZMM: One follow-up lang, Sec. Na-mention ninyo rin po kanina na mas umigting iyong pagbibigay po natin ng mga libreng ARV drugs. So far po ba ay enough ba iyong supply ng mga antiretroviral drugs for PLHIVs and iyong mga testing kits po or government testing centers para sa mga gustong magpa-test?

DOH SEC. HERBOSA: Tama. In fact, binisita ko iyong sa San Lazaro, kumpleto sila ng supplies. Iyong ARV, binibigay po ang three-month supply every time pumunta iyong pasyente to get; so, every three months, nari-resupply siya ng ARV treatment. Ito po ay libre; binabayaran po ng PhilHealth para sa ating persons living with HIV.

Iyong test naman, mayroon na ring naaprubahan ang ating FDA, attached agency ng DOH, na self-test kit – ito po iyong pinakabagong metodolohiya. Iyong self-test kit naman, personal, puwede nilang bilhin sa ating mga pharmacy at botika para malaman nila in a rapid test kung positive sila o hindi. Pero kailangan pa rin itong i-confirm ng actual test doon sa confirmatory test

sa treatment hub. So, kapag nag-negative, eh di okay ka, safe; kapag nag-positive, kailangan pumunta ka sa ating mga treatment hubs.

ALVIN BALTAZAR/RADYO PILIPINAS: Secretary, magandang umaga po. Sec., mayroon ba tayong information campaign which focuses on the stigma tungkol sa HIV and eventually, hindi naman ma-discriminate iyong mga kababayan nating nagtataglay nitong sakit? At sabi ninyo kasi kanina, parang high blood and diabetes lang ang HIV.

DOH SEC. HERBOSA: Kaya ko minention iyong paragraph na iyon kasi napansin ko, tumataas iyong HIV kasi mataas pa rin ang stigma sa atin. In fact, iyong isa naming ... mayroon kaming mga HIV partners, iyong taga-Switzerland, 'di ba iyong mga ... mayroong isa, taga-Switzerland, Mr. Philippines siya. So, nagulat siya na dito, parang malaki pa ang stigma whereas in Switzerland daw, sila lahat ay alam nila ang status ng mga ka-partner nila at very open ang testing – everybody gets tested. Dito parang nandoon pa tayo sa 1980s na parang tinatago iyong HIV. Eh alam ninyo naman lahat ng celebrity na nagsabi na HIV positive sila pero buhay pa rin sila; celebrity pa rin sila; hindi sila namamatay. So, iyon iyong ibig sabihin ko na dapat siguro mawala na iyong stigma sa HIV.

In fact, kahapon, noong bumisita ako sa San Lazaro, nakita ko iyong napakaraming nakapila na persons living with HIV. Alam mo, mas matitipuno pa iyong katawan nila kaysa sa akin eh, mas healthy pa sila. So, iba na ngayon ang panahon – nagagamot ang HIV, although hindi ka naku-cure. So, iyong iyong clarification 'no: The virus doesn't disappear but we can control the level ng virus sa katawan mo kapag umiinom ka ng gamot. Of course, kapag huminto ka, magiging AIDS, iyon iyong puwedeng mamatay.

ALVIN BALTAZAR/RADYO PILIPINAS: Sec, follow-up ko na lang. Kasama ba sa attribution ng pagtaas ng AIDS cases iyong exposure sa mga bagay na dapat sana ay hindi napapanood lalo na mga kabataan kasi accessible na sa online?

DOH SEC. HERBOSA: Oo, tinanong ako niyan eh kasi ... tinanong ako ng isa private individual, sabi niya bakit ganiyan, bakit tumataas ang HIV? So sinagot ko, sabi ko, maraming rason, ang number one tumaas ang risky behavior. So, number one, easy access to pornography online; number two, mga dating apps; number three, hindi gumagamit ng protection, unprotected sex; noong nagka-monkeypox nadiskubre ko itong mga behavior na ito – may mga spa na nagpi-pretend na spa pero actually brothel sila, nakakakuha sila ng sex doon with the workers in the spa. So, in fact napasara nga noong mayor iyong isang spa na pinagmulan ng monkeypox – so, hindi ko alam na may ganoon na.

Iyong batas natin for testing of female sex workers – nakalagay kasi sa batas female sex workers and 95 percent of our HIV are men having sex with men hindi sila nati-test. So, baka kailangan din nating balangkasin iyon, Usec. Claire, 'no kasi batas iyon eh, interpretation ng law – female sex worker ang nakalagay.

So, ano pa ba ang ano. Iyon iyong stigma na sinabi mo kanina – ayaw nilang magpa-test, natatakot sila and the fact na mga bata ito ang feeling ko it's about the raging hormones of an adolescent; pagkatapos iyon nga experimenting – napakadali with online dating, may group sex pa, may anonymous sex pa. So, these are the things that I have listed down as very important.

And then napababa na rin namin iyong age of consent sa testing to 16 years old. So, puwede nang magpa-test ang 16 years old – assent ba tawag doon legally basta iyong age of consent iyong 16. Ang problema, kailangan din namin ng parental consent ng start of treatment – so, that's

another legislation na kailangan namin. Kita ninyo na to battle HIV ay kailangan ko ang legislation, kailangan ko ang funding, kailangan ko ng information campaign – so, iyon iyong reason why at least an executive order para iyong mga iba-ibang ahensiya ng gobyerno ay tumulong para mahinto talaga natin itong 500 percent increase of HIV in our kabataan.

SAM MEDENILLA/BUSINESSMIRROR: Good morning, sir.

DOH SEC. HERBOSA: Good morning.

SAM MEDENILLA/BUSINESSMIRROR: Na-mention po ni Congressman Salceda na kailangan po ng government ng additional sources of revenue dahil magma-mature na raw po iyong mga kinuha na loans ng government noong pandemic. Isa doon sa mga proposal niya ay iyong passage po noong tax on sweetened beverages at saka po iyong on vape products kaso sa ngayon po hindi po siya kasama doon sa priority legislation ng administration. Does DOH proposed including that in the priority legislation ng Marcos administration for the 19th Congress or in the 20th Congress?

DOH SEC. HERBOSA: So, alam ko maraming na-loan during the COVID-19 pandemic iyong ating previous administration, in fact sobra-sobra iyong na-loan and some of the loans ay ibinalik po natin. In fact, some of the initial acts ko, lahat ng loans na hindi na magagamit pinabalik. So, iyon lang nagastos na test kits at saka mga bakuna at gamot ang ating babayaran diyan sa maturation.

Sa sources of money to get that, of course isinasama naman iyan sa ating general appropriations. And iyong sugar-sweetened beverages nasama na rin siya actually doon sa CREATE Law eh – so, mayroon na rin tayong nakukuha diyan. Tapos, iyong vape siguro maganda rin magkaroon ng additional taxation iyon, nakalagay kasi sa Vape Law na hindi siya lalagyan ng additional taxation eh. So, iyan din ay another source.

I'm sure—the fact na ang GDP natin ay nasa six percent yata ang increase every year, I'm sure naka-compute iyan at kayang bayaran ng ating DOF.

Sorry, hindi dapat sa akin iyan ang question na iyan, dapat sa Department of Finance iyan kasi kami ginagamit lang namin iyong na-loan, ina-approve ito ng economic managers and then sila din ang humahanap noong pera para ibayad diyan. So, hindi kami, hindi DOH ang naghahanap niyan. It's DOF through those laws na mga sinabi mo.

So, maganda itanong kay Secretary Recto ito. Thank you.

PCO ASEC. VILLARAMA: Thank you very much, Sec. Ted. Usec. Claire.

DOH SEC. HERBOSA: Thank you.

PCO USEC. CASTRO: Thank you very much, Sec. Ted, and Dir. Tina Marasigan. Thank you very much. At maaari na po tayong tumanggap ng inyong mga katanungan.

EDEN SANTOS/NET25: Usec., good morning po. Kaugnay lang po ng NCAP na ipinatutupad po ngayon ng MMDA, wala po bang plano ang Pangulo na ipag-utos po iyong pagsasaayos ng mga road and traffic signs para po mas mapahusay pa iyong implementation po ng NCAP?

PCO USEC. CASTRO: Ang Pangulo po ay hindi natatapos lamang sa pagplano. Ngayon po ay umaksiyon, umaksiyon po ang MMDA diyan, umaaksiyon din po ang DPWH, at ang sabi din po ng DOTr secretary na si Sec. Vince Dizon ay tumutulong din po siya patungkol po diyan.

EDEN SANTOS/NET25: So, we're expecting po na sa mga susunod na araw ay may mga gagawing mga kalsada, aayusin po iyong mga nabubura nang mga road signs at saka po iyong mga timer sa ating mga traffic lights?

PCO USEC. CASTRO: Patuloy po ang pagsasaayos po nito hindi lamang po dahil sa NCAP noon pa po inaayos-ayos na rin po ito.

EDEN SANTOS/NET25: Thank you po.

CHLOE HUFANA/BWORLD ONLINE: Good morning po, Usec. Tariff updates lang po, the US set the deadline for its trading partners to provide their best offer trade negotiations yesterday, June 4. According to a Reuter story, the US is asking countries to list their best proposals in a number of key areas including tariff and quota offers for the purchase for US industrial and agricultural products and plans to remedy any non-tariff barriers. So, question po, Usec., has the Philippines received the letter, and if so po, has the government submitted its response?

PCO USEC. CASTRO: Okay. Actually, according to the Department of Trade and Industry and Office of the Special Assistant to the President for Investment and Economic Affairs, they are in constant communication with the US Trade representative but they cannot divulge or give any details about this because we are covered by the confidentiality agreement. So, hanggang doon lamang po ang ating masasabi.

CHLOE HUFANA/BWORLD ONLINE: Okay. So, follow up question na lang siguro, Usec. What is the current status na po of the negotiations especially with the US self-imposed deadline set to expire in five weeks?

PCO USEC. CASTRO: Yeah. Mayroon pong deadline pero again hindi ko po masasabi iyong ibang detalye because of the confidentiality agreement. Pero tuluy-tuloy po iyong pakikipag-ugnayan po nila sa US representative.

CHLOE HUFANA/BWORLD ONLINE: And so far, satisfied naman po tayo sa talks na nangyayari?

PCO USEC. CASTRO: Yes, opo.

CHLOE HUFANA/BWORLD ONLINE: Thank you, Usec.

ANNE SOBERANO/BOMBO RADYO: Usec., good morning. Kahapon po kasi pinagtibay na ng House of Representatives sa third and final reading ang legislated wage hike na 200 pesos pero prior to that, Usec., nagkaroon po ng meeting si Pangulong Marcos with the labor groups. Ibig sabihin po ba nito may basbas kay Pangulong Marcos iyong 200 pesos legislated wage hike?

PCO USEC. CASTRO: Ito lamang po ang mensahe ng Pangulo and I quote, *"We will look at the economic implications of these and how to resolve these with the opinion of the wage boards since the wage boards are also the creations of the Congress."* So, nais po ng Pangulo na maibigay kung ano po ang makakabuti sa mga manggagawang Pilipino.

Titingnan ang lahat ng aspeto at ang concerns ng lahat ng stakeholders. Iyon po.

ANNE SOBERANO/BOMBO RADYO: Okay. So, ibig sabihin po niyan, Usec., lalagdaan ni Pangulong Marcos ang nasabing batas?

PCO USEC. CASTRO: Pag-aaralan pa po ito at nandiyan pa po ang Senado. Hindi pa po natatapos sa Senado ang usapin na iyan. Katulad po ng sinabi ng ating Pangulo, titingnan po ang anumang economic implications patungkol po dito pero nais po ng Pangulo na maibigay ang nararapat at mas makakabuti sa manggagawang Pilipino.

ANNE SOBERANO/BOMBO RADYO: Salamat po, Usec.

PCO ASEC. VILLARAMA: That was the last question, Usec.

PCO USEC. CASTRO: Okay. At bago po tayo magtapos, mayroon pa rin po tayong good news. Dahil nais ni Pangulong Marcos Jr. na paigtingin ang kampanya laban sa iligal na droga, tuluy-tuloy ang operasyon ng ating mga law enforcement agencies concerned.

Nagkaroon ng 63 anti-illegal drug operations ang PDEA sa huling linggo ng Mayo taong kasalukuyan. Target ng mga operasyong ito hindi lamang ang mga malalaking drug syndicates kung hindi pati na rin ang small-scale peddlers at drug dens na patuloy na nambibiktima ng mga Pilipino.

Kabilang sa mga isinagawa ng PDEA ang 44 buy-bust operations; seven marijuana eradication operations; seven search and seizure raids; at five interdiction efforts. Nagresulta ang mga ito sa pagkakahuli ng 91 drug personalities kabilang na ang drug pushers, drug den owners, employees at clients, possessors, couriers at importers.

Ayon kay Chief PNP Nicolas Torre, pinapaalala niya sa mga pulis, “huli, hindi patay.” Panoorin po natin ito.

[VTR]

PCO USEC. CASTRO: At dito na po nagtatapos ang ating briefing ngayong araw. Maraming salamat, Malacañang Press Corps, at magandang tanghali para sa Bagong Pilipinas.

##